



# San Arnold Janssen

## Buhay na Inialay sa Misyon




# SAN ARNOLD JANSSEN: ISANG BUHAY NA INILAAN SA BANAL NA MISYON

Si San Arnold Janssen (1837 1909) ay isang pambihirang pari at misyonerong Katoliko na nagtatag ng isa sa pinakamalaking relihiyosong Kongregasyon ng mga kalalakihan, ang Samahan ng Banal na Salita o mas kilala sa taguring SVD. Ang kanyang buhay ay isang halimbawa ng malalim na pananampalataya, tiyaga, at kahanga-hangang dedikasyon sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo, pati na rin ng pagkamapamaraan at malikhain sa pagtataguyod ng misyon ng Simbahan.



## ANG KANYANG KABATAAN AT ANG PAGKAMULAT NIYA SA KANYANG BOKASYON

Si Arnold Janssen ay ipinanganak noong ika-5 ng Nobyembre 1837, sa mag-asawang Gerhard at Anna Katharina Janssen, na parehong debotong Katoliko. Siya'y pinalaki nila sa matibay na pananampalataya at malalim na pagmamahal sa Diyos, na sa paglipas ng mga taon ay mas lalo pang lumago. Ang pagdarasal bilang pamilya, tulad ng pagrorosaryo at pagbabasa ng Ebanghelyo ayon kay San Juan tuwing gabi ay bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Tinuruan si Arnold ng kanyang ama na mahalin ang Santisima Trinidad, kung kaya't di nakapagtataka na kalaunan ito'y naging mahalagang bahagi ng kanyang pagmimisyon. Ang ganitong pagpapalaki ay nagbigay kay San Arnold ng malalim na pag-unawa sa kahulugan ng buhay at ng pagnanais na makatulong sa iba.

Mula pagkabata, nagpamalas si San Arnold ng katalinuhan, lalo na sa likas na agham at matematika. Nag aral siya sa isang minor seminary at ipinagpatuloy ito sa Bonn



University, kung saan nagtapos sya sa kursong likas na agham. Pagkatapos nito'y nag-aral siya ng teolohiya at naordinahan bilang pari noong ika-15 ng Agosto 1861 sa Diyosesis ng Münster sa Alemanya. Nagsimula siyang magturo sa Bocholt, Alemanya, kung saan nakilala siya bilang isang mahigpit ngunit makatarungang guro. Ang karanasang ito sa pagtuturo ay nagpatibay sa kanyang dedikasyon sa pagpapalaganap ng kaalaman at inspirasyon. Gayunpaman, hindi nagtagal ay naramdaman niya ang tawag na maglingkod sa iba pang paraan bukod sa pagtuturo.

# ANG APOSTOLADO NG PANALANGIN AT ANG UMIIGTING NA KASIGASIGAN NI SAN ARNOLD PARA SA MISYON

Habang nagtuturo, sumali si San Arnold sa Apostolado ng Panalangin, isang pandaigdigang samahan na nakatuon sa Sagradong Puso ni Jesus at sa mga intensyon ng Simbahan. Dahil sa kanyang dedikasyon sa grupong ito, hinirang siyang direktor ng samahan, na nagtulak sa kanyang pag-isipang mabuti kung paanong higit na makatutulong sa kanyang lokal na komunidad. Ang karanasang ito ay nagpatibay sa kanyang dedikasyon sa pandaigdigang misyon. Kalauna'y sinimulan niya ang paglalathala ng mga polyeto tungkol sa panalangin, na naging popular sa mga Katoliko sa bansang Alemanya. Habang mas lumalalim ang kanyang pakikilahok sa samahang ito, mas lalo niyang napagtanto ang kahalagahan ng gawaing misyonero sa iba't-ibang bahagi ng mundo

Noong 1873, iniwan ni San Arnold ang pagtuturo upang ibuhos ang kanyang lakas sa pagtataguyod ng mga bokasyong misyonero sa Alemanya. Lumikha siya ng isang buwanang magasin na tinawag na "Ang Munting Sugo ng Sagradong



Puso," na nagbahagi ng balita tungkol sa mga aktibidad ng misyonero at hinikayat ang mga Alemang Katoliko na suportahan ang misyon ng Simbahan. Ang magasing ito ay nakatulong upang maitaguyod ang kamalayang pangmisyon sa mga Alemang Katoliko at makalikom ng pondo para sa gawaing misyonero. Ang nasabing magasin ay nakapagbigay rin sa mga Alemang Katoliko ng inspirasyon at bumuhay sa kanilang diwang misyonero. Sa pamamagitan ng pagsusulat, hinikayat sila ni San Arnold na gampanan ang kanilang mga responsibilidad bilang mga misyonero.

## PAGTATAG NG SAMAHAN NG BANAL NA SALITA (SVD) AT ANG KRISIS NA DULOT NG 'KULTURKAMPF'

Sa panahong ito, sinimulan ng pamahalaang Aleman, sa pangunguna ni Chancellor Otto von Bismarck, ang "Kulturkampf." Layunin ng kampanyang ito na mabawasan ang impluwensya ng Simbahang Katoliko. Ang mga bagong batas laban sa Katoliko ay humantong sa pagpapaalis ng



maraming mga pari at pagsasara ng mga institusyong pangrelihiyon. Ito'y nagdulot ng kawalan ng katiyakan at oposisyon. Sa halip na umatras o panghinaan ng loob, nakita ito ni San Arnold bilang isang pagkakataong suportahan ang Pandaigdigang Simbahan. Itinuon niya ang kanyang pansin sa gawaing misyonero sa labas ng Alemanya. Kahit na maraming tao ang nag-atubiling suportahan siya at nagpapalagay na hindi iyon ang tamang panahon, nanatiling tapat si Arnold sa kanyang pananaw. Sabi niya, "Hinahamon ng Panginoon ang ating pananampalataya na gumawa ng bago, lalo na sa gitna ng pagkasira o pagbagsak ng napakaraming bagay sa Simbahan."

Noong 1875, pumunta si San Arnold sa Steyl, Olanda. Dito'y itinatag niya ang isang bahay-misyon noong ika-8 ng Setyembre 1875. Nagsimula siya nang may tatlong kasamahan lamang. Sa pagdaan ng panahon, nadagdagan ang kanilang bilang at kalauna'y tinawag ang kanilang Samahan na Society of the Divine Word (SVD).

Ang bahay-misyon ay inilaan sa pagsasanay at pagpapadala ng mga pari sa ibang bansa. Ang unang dalawang misyonerong SVD ay nagpunta sa Tsina noong 1879.





Ang katuparan ng kanyang nilalayon ay nagpakita ng matibay na pananampalataya at determinasyon ni San Arnold. Isa sa mga unang misyonerong ipinadala sa Tsina ay si Joseph Freinademetz, na ngayo'y isa na ring santo. Upang suportahan ang misyon, nagtatag si Arnold ng isang imprenta upang maglathala ng mga magasin at polyetong nagbubukas ng kamalayan sa misyon at humikayat sa mga taong suportahan ang kanilang samahan. Ang maagang tagumpay na ito ang nagbigay-inspirasyon kay San Arnold na ipagpatuloy ang kanyang pagsusumikap sa misyon.



# PAGPAPALAWAK NG MISYON: PAGTATATAG NG MISSIONARY SISTERS OF THE HOLY SPIRIT (SSPS)

Naunawaan ni Arnold ang kahalagahan ng pakikilahok ng mga layko at relihiyosong kababaihan sa misyon. Nang makita niya ang dedikasyon ng mga kababaihang nagboluntaryo sa bahay-misyon, kabilang na si Blessed Maria Helena Stollenwerk, nabigyang-inspirasyon si Arnold na itatag ang Missionary Sisters Servants of the Holy Spirit (SSpS) noong 1889. Ang unang grupo ng mga Madre ay nagtungo sa Argentina noong 1895. Iyon ang simula ng masigla at aktibong presensya ng mga babaeng misyonero sa Simbahan.

Noong 1896, itinatag ni San Arnold ang isang sangay nito, ang Sister-Servants of the Holy Spirit of Perpetual Adoration (SSpSAP), na may layuning ilaan ang kanilang buong buhay sa taimtim na panalangin para sa pagtatagumpay ng gawaing misyonero sa buong mundo. Ang pagtatatag ng dalawang kongregasyong ito ay isang hakbang sa pagpapalawak ng papel ng kababaihan sa



larangan ng misyon. Ang bukas na pananaw at pagkilala ni San Arnold sa kontribusyon ng mga Madre sa Simbahan ay sumasalamin sa kanyang paniniwala na ang lahat ay may mahalagang bahagi sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo.



## ESPIRITUWAL NA PAMANA AT KANONISASYON

Ilan sa mga espiritwal na pamana ni San Arnold ay ang pagpapahalaga sa panalangin at ang matibay na paniniwala sa banal na Kapamahalaan ng Diyos sa kanyang buhay. Ang kanyang espirituwalidad ay nakasentro sa Santisima Trinidad, at inilarawan niya ang kanyang bokasyon o ang tawag ng Diyos bilang isang misteryong nangangailangan ng parehong paggalang at pagkilos.


Ang kanyang misyonerong pananaw ay nakasentro sa Santisima Trinidad, sa pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Ang kanyang mga sulatin ay nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa koneksyon ng Salita at ng Espiritu, kung kaya't hinikayat niya ang mga tao sa kanyang paligid na maglingkod nang may pagpapakumbaba at walang pag-iimbot.

Maraming hamon ang kinaharap ni San Arnold, kabilang na ang mga pagdududa mula sa kanyang pinakamalapit na mga katrabaho. Gayunman, nanatili siyang tapat sa kanyang misyon. Ang kanyang lakas sa mahihirap na panahon at dedikasyon sa panalangin ay nagbigay inspirasyon sa maraming tao. Nang mamatay siya noong ika-15 ng Enero 1909, ang mga kongregasyong kanyang itinatag ay nagmimisyon na sa sampung bansa. Sa paglipas ng mga taon, ang Samahan ng Banal na Salita o SVD ay lumago at naging isa sa pinakamalaking grupo ng misyonerong Katoliko, na ngayon ay aktibo sa higit sa walumpung bansa

Kinilala ni Papa Pablo VI ang mga kontribusyon ni San Arnold sa Simbahan sa pamamagitan ng pagtanghal sa kanya bilang isang beato noong 1975, at noong 2003, siya'y hinirang bilang santo ni Papa San Juan Pablo II. Sa kasalukuyan, mahigit anim na libong (6000) misyonerong SVD, SSPS at Sisters of Perpetual Adoration ang nagpapatuloy ng gawain ni San Arnold sa iba't ibang bahagi ng mundo.




# PAGBUBUOD




Ang buhay ni San Arnold Janssen ay nagpapakita kung paano kayang baguhin ng pananampalataya ng isang tao ang mundo. Nag-iwan siya ng isang pamanang misyonerong hanggang ngayon ay tumutulong sa maraming tao na tanggapin o mapakinggan ang Ebanghelyo at nagbibigay inspirasyon sa maraming pari, relihiyoso, at layko na maglingkod sa Simbahan. Hinarap ni San Arnold ang mga hamon sa kanyang panahon, tulad ng "Kulturkampf" at limitadong pondo para sa misyon. Bukod-tangi ang tiwala niya sa tulong ng Diyos at ang kahandaan niyang magsakripisyo para sa kanyang mga paniniwala.

Ipinaaalala sa atin ni San Arnold na ang tunay na gawaing misyonero ay nagmumula sa pagmamahal sa Diyos at pagiging handang maglingkod sa lahat. Ang kanyang kuwento ay nagbibigay inspirasyon sa mga nais magpalaganap ng pagmamahal, pananampalataya, at pag unawa sa iba't ibang kultura. Ang buhay niya ay nagpapakita rin ng kapangyarihan ng panalangin, pagtitiyaga, at pananaw na nakabatay sa Salita ng Diyos, na nagdadala ng pag-asa at pananampalataya sa maraming komunidad sa buong mundo.

# Ang Pamilya ni San Arnold Janssen



# PANALANGIN KAY SAN ARNOLD JANSSEN




Diyos naming Ama, naranasan
ni San Arnold ang pagdurusa
at krus na tinawag niyang 'asin
na nagpapanamnam sa walang-
hanggang kagalakan.'
Natagpuan niya ang kanyang
tunay na kaligayahan at
kasiyahan sa lubos na
pagtalikod sa kanyang sarili sa
ngalan ng inyong kalooban at
sa paglilingkod sa Simbahan.
Kaya naman buong tiwala naming ipinagdarasal sa kanya
na kami nawa'y buong lakas at pagsusumikap ring mag-
alay ng aming sarili sa pagpapabatid ng iyong pagmamahal
sa lahat ng tao.

San Arnold, isang huwaran ng malalim na pakikiisa sa
Diyos at ng dedikasyon sa mga pangangailangan ng misyon
ng Simbahan, ipanalangin nyo kami sa Diyos. Ipanalangin
mong pagkalooban Niya ang mga kababaiha't kalalakihan
sa aming panahon ng iyong diwa ng tapat na pagmamahal
at paglilingkod.

Biyayaan sana kami ng lakas at pagtitiyaga upang
tanggapin namin ang aming responsibilidad na itaguyod
ang misyon ng Simbahan nang may pasasalamat sa puso,
mapagbigay na sigasig, at pagtitiwala sa kapangyarihan
ng Banal na Espiritu. Hinihiling naming ito sa ngalan ni
Kristong, aming Panginoon. Amen.

# WORD SEARCH:

**Hanapin at bilugan ang pangalan ng mga miyembro ng Pamilya Janssen.**

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | A | A | I | L | T | M | D | D | T | R | N | I | U |
| R | D | R | E | D | D | T | E | P | E | T | E | R | N |
| A | R | N | O | W | J | R | R | O | A | N | R | H | L |
| H | A | O | D | A | O | N | W | R | H | I | Y | D | A |
| R | H | L | U | T | H | E | O | D | O | R | E | E | A |
| E | R | D | R | A | A | E | H | N | G | T | U | N | D |
| G | E | U | T | A | N | S | R | U | R | D | T | A | O |
| D | G | S | R | U | N | R | S | A | A | G | E | R | G |
| I | Y | I | E | R | E | J | A | T | R | T | T | A | I |
| T | A | G | G | D | S | N | N | S | U | H | E | A | T |
| A | T | D | A | H | N | A | J | Y | E | E | T | T | E |
| P | A | N | I | R | A | H | T | A | K | A | N | N | A |
| A | T | R | A | E | L | D | I | O | D | D | R | S | A |
| K | P | O | W | I | L | H | E | L | M | A | H | L | W |

Gerhard (Ama); Anna Katharina (Ina), Anna Margaretha (Kapatid), Gerhard (Kapatid), Wilhelm (Kapatid), Peter (Kapatid), Gertrud (Kapatid), Theodor (Kapatid), Johannes (Kapatid), Arnold

# TUKLASIN ANG MENSAHE NI SAN ARNOLD JANSSEN!

Tuklasin ang mensahe ni San Arnold sa pamamagitan ng pagpalit sa mga numero ayon sa ibinigay na katumbas na letra.

| A | B | K | D | E | G | H | I | L | M | N | O | P | R | S | T | U | W | Y |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9 | 11 | 3 | 12 | 47 | 18 | 5 | 33 | 24 | 31 | 21 | 37 | 22 | 13 | 1 | 7 | 14 | 32 | 39 |

**1**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 31 | 9 | 5 | 9 | 24 | 33 | 21 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 21 | 9 | 7 | 33 | 21 |

| | | |
|---|---|---|
| 9 | 21 | 18 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 12 | 33 | 39 | 37 | 1 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 21 | 9 | 21 | 18 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 11 | 14 | 37 | 21 | 18 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 22 | 14 | 1 | 37 |

**2**

| | | |
|---|---|---|
| 9 | 21 | 18 |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 22 | 9 | 21 | 9 | 24 | 9 | 21 | 18 | 33 | 21 |

| | |
|---|---|
| 9 | 39 |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 22 | 9 | 22 | 9 | 3 | 33 | 7 | 9 | 18 | 22 | 37 |

| | |
|---|---|
| 1 | 9 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 12 | 33 | 39 | 37 | 1 |

**3**

| | | |
|---|---|---|
| 9 | 21 | 18 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 14 | 31 | 33 | 33 | 11 | 33 | 18 |

| | |
|---|---|
| 1 | 9 |

| | | |
|---|---|---|
| 12 | 33 | 39 |

| | |
|---|---|
| 9 | 39 |


| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 21 | 9 | 18 | 7 | 33 | 7 | 33 | 32 | 9 | 24 | 9 |

| | |
|---|---|
| 1 | 9 |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3 | 9 | 21 | 39 | 9 |

# MAZE

Tuntunin ang daan ng misyonerong SVD mula
Alemanya patungong Tsina.



# CROSSWORD PUZZLE




Basahin ang talambuhay ni San Arnold Janssen at hanapin ang sagot sa mga katanungang ito:

## Pahalang

**4.** kursong natapos ni San Arnold bilang paghahanda sa pagpapari

**5.** relihiyosong samahang itinatag ni San Arnold para sa mga kababaihan

**6.** ang nagsulat ng ebanghelyo na palagiang binabasa ng pamilya Janssen (dalawang salita)

**8.** bansa kung saan itinayo ang kauna-unahang bahay-misyon

## Pababa

**1.** Bansang Sinilangan ni San Arnold

**2.** kursong tinapos ni San Arnold

**3.** ang isa sa mga bagay na pinahalagahan ni San Arnold

**4.** bansa kung saan unang nagmisyon ang mga SVD

**5.** relihiyosong kongregasyon na kanyang itinatag para sa mga kalalakihan

**7.** papang humirang kay San Arnold bilang santo

# The Blessed Trinity



# WORD SEARCH



- Persons
- Dogma
- Mystery
- Three
- Unity
- Father
- Son
- Spirit(Holy)
- Church
- Revelation
- Creed
- Jesus
- Dove
- God

N
T O E
P S R A
D O G M A
D I N Y U C N
M Y S T E R Y
Z I U R I B O D S
O S E H N N O S N S
J E F G C U G E V O D
E I S P I R I T G O S Y D
E B G F G U A L F E R T E
S R N F A T H E R D A E R E I
B H S D F G C V B N N P G R O O
P E T R E V E L A T I O N F C S N



Find the hidden words





# PANALANGIN PARA SA MGA MISYONERONG SVD

Kabanal-banalan at mapagmahal na Diyos,
tinawag Niyo si San Arnold Janssen at pinagkalooban ng misyong ipahayag ang iyong Ebanghelyo sa lahat ng tao.

Sa pagtugon sa tawag ng iyong Espiritu,
ipinakita ni San Arnold ang bukas-palad na debosyon sa pamamagitan ng pagtatatag ng tatlong komunidad ng mga misyonerong relihiyoso.

Pangalagaan, pagpalain, at gabayan mo ang mga komunidad ng mga madre, fratres at pari na kanyang itinatag upang sila'y mas maging tapat sa Banal na Salita.

Mapag-arugang Diyos, tawagin mo ang marami pang kabataang lalaki at babae na maging misyonero sa aming panahon. Puspusin mo sila ng iyong biyaya at pag-alabin mo pa ang kanilang pagsusumikap.

Buong pananampalataya naming itinataas ang panalanging ito sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.
Amen.